# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 18, 2024, MARTES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 061824
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
18 JUN 2024
Santa Cruz, Laguna

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 278-T2024**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA PAMILYA AT MGA NAULILA NG YUMAONG GNG. GINA D. DELA CRUZ, NANUNGKULANG PAMBAYANG PINUNO NG TANGGAPAN NG KAGALINGANG PANLIPUNAN AT PAGPAPAUNLAD NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT**, ang pagpanaw ni Gng. Gina D. Dela Cruz ay nagdulot ng labis na pighati at kalungkutan hindi lamang sa kanyang pamilya kundi pati sa mga kaibigan, mga kasamahan sa trabaho at mga kababayang sa kanya'y nagmamahal;

**SAPAGKAT,** naging isa siyang mahusay na pinuno ng tanggapan sa loob nang tatlong (3) taong paglilingkuran sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SAPAGKAT,** ang kanyang kababaang loob at pagkamapagkaibigan ay labis na nagpahanga sa kanyang mga kapwa lingkod-bayan upang siya ay tangkilikin at mahalin.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ambiel John C. Panganiban, na pinangalawahan nina Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Rizaldy N. Kalaw, Kgg. Mark Anthony M. Juangco at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Ipaabot ang pakikidalamhati at pakikiramay sa Pamilya at mga naulila ng Yumaong Gng. Gina Dela Cruz, Nanungkulang Pambayang Pinuno ng Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at pamilya ng yumaong Gng. Gina D. Dela Cruz para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 18, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo